10/18/2021
4:46 pm

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos

OFFICE OF THE GOVERNOR
HON. DANIEL R. FERNANDO
Rame 6190-2021
RECEIVED BY
October 18, 2021 3:29 pm
DATE TIME

#730

# TANGGAPAN NG PUNONG LUNGSOD

**ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 41**
Serye 2021

**ATAS NA NAGLALAHAD NG MGA PAMANTAYANG IIRAL SA LUNGSOD NG MALOLOS MULA IKA-18 NG OKTUBRE HANGGANG SA IKA-31 NG OKTUBRE, 2021.**

**SAPAGKAT,** alinsunod sa anunsiyo ng Tagapagsalita ng Pangulo ng Pilipinas noong ika-17 ng Oktubre 2021, ang lalawigan ng Bulacan ay isinailalim sa klasipikasyong pangkuwarentinang General Community Quarantine mula ika-18 ng Oktubre hanggang ika-31 ng Oktubre, 2021;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksyon 16 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas 1991, nararapat na siguraduhin at suportahan ng mga pamahalaang lokal ang kalusugan at kaligtasan ng kanilang mamamayan bilang bahagi ng pangkalahatang kapakanan sa kani-kanilang nasasakupan;

**SAPAGKAT**, alinsunod sa Seksyon 455 (2) (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Punong Lungsod bilang Punong Tagapagpaganap ng pamahalaang lungsod ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

**AT SA GAYON, DAHIL DITO, ako, si INH. GILBERT T. GATCHALIAN**, Punong Lungsod ng Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng mga umiiral na batas, ay ipinag-uutos ang mga sumusunod:

**SEKSYON I. PAGLABAS NG BAHAY.** Alinsunod sa Omnibus Guidelines na inilabas ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases noong 23 Setyembre 2021, at liban na lamang sa mga pagkakataong may pahintulot ng Pamahalaang Nasyunal, pinananatili ang lahat ng mamamayan na may edad 17 pababa at ang mga may edad 66 pataas, mga buntis, at ang mga may isyung pangkalusugan sa loob ng bahay liban na lamang kung ang kanilang paglabas ay para sa kanilang kalusugan, paghahanapbuhay, o pagbili ng mga kinakailangan / serbisyo kung sila ay namumuhay na walang kasama sa bahay.

**SEKSYON II. PAGTALIMA SA MEMORANDUM CIRCULAR NO. 21-28 NG DEPARTMENT OF TRADE AND INDUSTRY (DTI) AT SA OMNIBUS GUIDELINES NG IATF.** Alinsunod sa DTI Memorandum Circular 21-28, sumusunod ang gabay patungkol sa operasyon ng mga establisyimento sa loob ng Lungsod ngayong GCQ:

2F City Government Building
Barangay Bulihan, City of Malolos 3000
Email: mayorbebonggatchalian@gmail.com

BAYANIHAN GENERATION
"Tulungan po natin ang bayan na tulungan ang mamamayan."

1. Ang mga **restaurant**, at iba pang kainan ay pinahihintulutang tumanggap ng kliyente hanggang sa ika-50% ng seating capacity para sa indoor dining, at 75% ng seating capacity para sa mga outdoor (al fresco) dine-in services;

2. Ang mga sumusunod na establisyimento ay pinahihintulutang tumanggap ng kliyente hanggang sa **75% ng kanilang venue capacity**:

a. travel agencies, tour operators, reservation service at iba pang kaugnay na establisyimento;

b. pet grooming services;

c. testing at tutorial centers;

d. review centers;

3. Ang mga sumusunod na establisyimento ay pinahihintulutang tumanggap ng kliyente hanggang sa **50% ng kanilang venue capacity**:

a. language, dance, acting, voice schools;

b. *indoor non-contact sports*, courts, or venues, fitness studios, gyms at iba pang indoor leisure centers or facilities, at swimming pools;

c. indoor visitor or tourist attractions, libraries, archives, museums, and galleries, and cultural shows at exhibits;

d. outdoor tourist attractions;

e. meetings, incentives, conventions, and exhibitions (MICE);

f. beauty salons, barbershops, beauty parlors, at nail spa;

g. iba pang personal care services gaya ng medical aesthetic clinics kasama ang body piercing at tattooing services;

Ang mga pagtitipon para sa panambahan **(religious gatherings)** ay patuloy na pinahihintulutang daluhan ng mananamba hanggang sa 50% seating capacity ng bahay-panambahan;

Ang mga **pagdaraos ng lamay** para sa mga pumanaw bunga ng mga kadahilanang liban sa COVID-19 ay may pahintulot na daluhan ng hindi lalagpas sa 10 tao sa bawat grupo na hindi lalampas sa 50% ng venue capacity.

4. Ang lahat ng **social events o mga pagpupulong na hindi maitutuing na religious gathering, at hindi rin MICE**, ay maaaring daluhan ng hindi lalampas sa 30% ng seating capacity ng mga establisyimentong itinuturing na venue establishments ng Kagawaran ng Turismo at ng DTI.

**SEKSYON III. MGA HINDI PINAHIHINTULUTANG MAGBUKAS NGAYONG GCQ ALINSUNOD SA DEPARTMENT OF TRADE AND INDUSTRY MEMORANDUM CIRCULAR NO. 21-28:**

1. Entertainment venues na may live performers gaya ng karaoke bars, bars, clubs, concert halls, theaters, at mga cinemas;

2. Recreational venues gaya ng mga internet shop, billiard halls, amusement arcades, bowling alleys, at mga kahalintulad na establisyimento;

3. Amusement parks o theme parks, perya, kid amusement industries gaya ng playgrounds, playroom, at kiddie rides;

4. Casino, cockfighting, operasyon ng mga sabungan, lottery, anumang tayaan, at iba pang laruan, liban na lamang kung may pahintulot ng IATF o ng Tanggapan ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas; at

5. Indoor sports, courts and venues para sa mga *contact sports*.

**SEKSYON IV. PAGPAPATUPAD NG MINIMUM PUBLIC HEALTH STANDARDS.** Ang Kapulisan at ang mga Barangay Tanod sa pamamagitan ng Tanggapan ng mga Punong Barangay ay inaatasang siguruhin na walang sinumang makalalabas ng kanilang mga bahay ng walang face mask at face shield. Hinihikayat ang mga nakatatanda at ang mga may isyung pangkalusugan na magsuot ng face masks maging sa loob ng tahanan.

**SEKSYON V. PAGGAWA SA MGA TANGGAPAN AT INDUSTRIYA.** Magbabalik na sa 100% ng mga kawani ang workforce ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos.

Ang mga Pampublikong Tanggapang nasa ilalim ng Pamahalaang Nasyunal ay inaatasang makipag-ugnayan sa kanilang Central Office patungkol sa bahagdan ng kanilang operasyon ngayong General Community Quarantine.

Ang mga pribadong establisyimento ay inaatasang makipag-ugnayan sa mga ahensiya ng Pamahalaang Nasyunal na nakasasakop sa kanilang industriya at tumalima sa mga umiiral na alituntuning nakasasakop sa kanilang mga ahensiya.

**SEKSYON VI. OPERASYON NG MALOLOS PUBLIC MARKET.** Bukas ang Malolos Public Market araw-araw. Sa mga araw ng Martes hanggang Linggo, ang palengke ay bukas mula ika-5 ng umaga hanggang ika-6 ng hapon, liban lamang sa araw ng Lunes kung *kailan* ang oras ng operasyon ng palengke ay tatagal hanggang ika-3 ng hapon upang magbigay daan sa disinfection ng palengke. Pinawawalang-bisa ng Atas na ito ang naunang pagpapaira*l ng* clustering ng mga barangay.

**SEKSYON VII. CURFEW.** Ang curfew hours na ipatutupad sa Lungsod ay 8PM hanggang 5AM, alinsunod sa Executive Order No. 41 ng Punong Lalawigan ng Bulacan.

**SEKSYON VIII. PAGKONSUMO NG ALAK**. Tungo sa pagpigil ng pagkalat ng sakit na COVID-19 sa Lungsod, ang mga establisyimentong mayroong inuming nakalalasing ay tinatagubilinang hanggang dalawang (2) bote/*servings* lamang ng alak ang maaaring ibigay sa kanilang mga kliyente.

**SEKYON IX. PAGTUNGO SA MGA SEMENTERYO AT MGA COLUMBARIUM.** Ang bilang ng mga dadalaw sa kanilang mga mahal sa buhay sa mga sementeryo at columbarium ay hindi nararapat na lumampas sa sampung (10) katao bawat grupo, na hindi naman lalampas sa 30% ng *venue capacity*.

**SEKSYON X. MAHIGPIT NA PAGTALIMA.** Ang Bantay COVID-19 Special Team ay patuloy na inaatasang makipagtulungan sa Tanggapan ng mga Punong Barangay tungo sa mahigpit na pagpapatupad ng *Minimum Public Health Standards*, at ng mga nilalaman ng Atas na ito, at iba pang kaugnay na batas at alituntuning inilathala o ilalathala ng Pamahalaang Nasyunal patungkol sa *Community Quarantine*.

**SEKSYON XI. SUGNAY NG PAGHIHIWALAY.** Kung sakaling ang alinman sa mga sugnay ng Atas na ito ay maipawalang-bisa, ang mga nalalabing bahagi ng atas na ito ay mananatiling may bisa.

**SEKSYON XII. SUGNAY NG PAGBUBUKLOD.** Anumang batas, atas, ordinansa, o regulasyong ipatutupad ng Pamahalaang Panlalawigan at Pamahalaang Nasyunal kaugnay sa umiiral na klasipikasyong pangkuwarentina ay ginagawang bahagi ng Atas na ito.

**SEKSYON XIII. KABISAAN.** Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay binibigyang kabisaan mula sa araw ng pagkalagda.

Nilagdaan ngayong ika-18 ng Oktubre, 2021. Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan.

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
Punong Lungsod

2F City Government Building
Barangay Bulihan, City of Malolos 3000
Email: mayorbebonggatchalian@gmail.com

BAYANIHAN GENERATION
"Tulungan po natin ang bayan
na tulungan ang mamamayan."